| Grades 1 to 12 Daily Lesson Log | School | Guadalupe Elementary School | Grade Level | III |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher | Arian P. de Guzman | Learning Area | ARALING PANLIPUNAN |
| | Teaching Dates | Week 3 | Quarter | 3rd |



| DAY | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Ang mag-aaral ay naipapamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa pagkakakilanlang kultural ng kinabibilangang rehiyon | | | | |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Ang mag-aaral ay nakapagpapahayag ng may pagmamalaki at pagkilala sa nabubuong kultura ng mga lalawigan sa kinabibilangang rehiyon | | | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto** | Nailalarawan ang pagkakakilanlang kultural ng kinabibilangang rehiyon. (**AP3PKR-IIIb-c-3**) | | | | |
| **II. Nilalaman** | **Ang Pagkakakilanlang Kultural ng Kinabibilangang Rehiyon** | | | | |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro** | | | | | |



| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-mag-aaral** | | | | | |
| **3. Mga Pahina sa Teksbuk** | | | | | |
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng *Learning Resource*** | Modyul 3 | | | | |
| **B. Iba pang Kagamitang Panturo** | Tsart | Worksheets, Graphic Organizer | Worksheets, Graphic Organizer, puzzle | Worksheets, Graphic Organizer | Answer sheets |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| **A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin.** | Unawain ang sumusunod na pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang **S** kung ikaw ay sumasang- ayon at **HS** kung hindi ka sumasang-ayon.<br>_____ 1. Ang kultura ay tumutukoy sa paraan ng pamumuhay ng isang pangkat ng tao na kasapi ng lipunan o komunidad.<br>______2. Ang MIMAROPA ay hitik sa mayayamang kultura na dapat pagyamanin at ingatan.<br>______3. Pagtatanim ng palay lamang ang hanap-buhay sa buong rehiyon.<br>______4. Magkakapareho ang pagdiriwang ng bawat lalawigan sa rehiyon.<br>______5. Wikang Tagalog | | | | Suriin at unawain ang mga tanong/pahayag sa bawat bilang.<br>1. Ang pangunahing pangkat-etniko na tanging sa lalawigan ng Mindoro lamang makikita ay _____________________ .<br>A. Aeta<br>B. Mangyan<br>C. Ifugao<br>D. Manobo<br>2. May sariling tradisyon, wika, kultura, at uri ng pamumuhay at sama-samang naninirahan ang mga pangkat o grupong ito.<br>A. Pangkat-Tsino<br>B. Pangkat-Etniko<br>C. Pangkat-Malay<br>D. Pangkat-Indo<br>3. Ito ang nangungunang wikang ginagamit ng mga |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ang pangunahing salita sa rehiyong MIMAROPA. | | | | nakatira sa buong Rehiyon ng IV-Calabarzon at MIMAROPA, kasama ang Pambansang Punong Rehiyon (NCR) at ibang sakop ng Rehiyon III.<br>A. Tagalog<br>B. Ilocano<br>C. Cebuano<br>D. Bisaya<br>4. Ang salitang Tagalog ay nagmula sa salitang ____________ na may pakahulugang naninirahan sa baybaying ilog.<br>A. Taga-baybayin<br>B. Taga-ilog<br>C. Taga-batis<br>D. Taga-sapa<br>5. Ang Rehiyong MIMAROPA ay may pagkakakilanlang pangkat-etniko MALIBAN sa isa. Alin ito? A. Romblon<br>B. Palawan<br>C. Marinduque<br>D. Mindoro |
| **b. Pagganyak o Paghahabi sa layunin ng aralin/Motivation** | Anong pangkat ng tao o pangkat-etniko ang naninirahan sa inyong lalawigan?<br>Sino-sino ang mga ito? Kung mayroon, ano ang kanilang pagkakatulad? Ang kanilang pagkakaiba?<br>Bilang isang mag-aaral papaano mo maipapakita ang paggalang sa ibat ibang pangkat ng tao sa iyong lalawigan. | | | | |
| **C. Paglalahad o Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin.** | Ano ang Pangkat-Etniko? Ang ating bansa ay pinaninirahan ng iba't ibang pangkat o grupo ng mga tao. May natatanging pagkakakilanlan ang bawat isa.<br>May sarili silang wika, kultura, tradisyon at paraan ng pamumuhay na kaiba sa ibang pangkat. Sila ay tinatawag na pangkat-etniko. Ang pangkat na ito may natatangi at may naiibang katangian na may napakahalagang bahagi sa pagbuo ng kulturang Pilipino. | | | | |
| **D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at** | Mga Taong Bumubuo sa mga Lalawigan ng | Ang Tribo ng mga Mangyan Iraya Sila ang mga Mangyan na nakatira | Mga Katutubo o Pangkat–Etniko sa Romblon | Mga Katutubo o Pangkat-Etniko sa Marinduque Tagalog ang | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **paglalahad ng bagong kasanayan #1** | Katagalugan Ang Rehiyong MIMAROPA, Pambansang Punong Rehiyon (NCR), Rehiyon IV-CALABARZON at ilang bahagi ng Rehiyon III ay ang apat na rehiyon ng bansa na mayroong malaking pangkat ng mga Tagalog. Ang salitang “taga-ilog” ay may pakahulugang nakatira sa baybaying ilog na siyang pinagmulan ng Tagalog. Ayon sa 1995 “Philippine Census”, Tagalog ang siyang pinakamalaking pangkat-etniko at tinatayang may pinakamalawak na bilang sa bansa. Biniyayaan ang mga Tagalog ng mayamang lupa at dagat kaya ang pangunahing hanapbuhay nila ay pagsasaka at pangingisda. Sila din ay kinagigiliwan dahil sila ay masayahin, matapat, maawain, palakaibigan, matatalino, at may mataas na kalinangan. Bunga marahil ito ng lapit nila sa kabihasnan, komersyo at pamahalaan. Sino-sino ang mga katutubo o pangkat-etniko na | sa mga baybayin ng Puerto Galera, San Teodoro, at Baco sa Oriental Mindoro subalit karamihan sa kanila ay naninirahan sa mga bayan ng Mamburao, Sta.Cruz, Paluan, at Abra de Ilog sa Occidental Mindoro. Alangan Ang tribong makikita sa lalawigan ng Oriental Mindoro bayan ng Naujan, Baco, San Teodoro, at Victoria, Oriental Mindoro at sa lalawigan ng Occidental Mindoro sa bayan ng Sablayan.<br>Ang taguring Alangan ay nagmula sa pangalan ng isang ilog at lugar sa gawing itaas ng batis ng Alangan.<br>Buhid Kilala bilang manggagawa ng palayok. Sa kanila bumibili ng palayok ang mga tribo ng Hanunuo at Alangan na ginagamit sa kanilang pagluluto. “Mamumundok” ang ibig sabihin ng buhid. Matatagpuan sila sa bayan ng Roxas, Bansud, Bongabong, at ilang bahagi ng Mansalay sa Oriental Mindoro. Matatagpuan rin sila sa Occidental Mindoro sa bayan ng San Jose at Rizal.<br>adyawan Matatagpuan sa bayan ng Naujan, Victoria, Socorro, Pola, Gloria, Pinamalayan, at Bansud ang tribong ito. Karamihan sa kanila ay nagsusuot ng mga pulseras at kuwintas na yari sa beads. Subalit sa kasalukuyan, marami nang nagsusuot ng usong kasuotan. | Bantoanon Mga katutubong naninirahan sa mga munisipalidad ng Cocuera, Concepcion, Banton, Odiongan, San Andres, at Calatrava ang kabilang dito. Asi ang diyalekto na kanilang ginagamit. Sibuyan Mangyan Taga-bukid Sila ang pangkat-etniko na pinaniniwalaang galing sa Mindoro at kasalukuyang naninirahan sa pulo ng Sibuyan. Ini ang katutubo nilang wika. Ito ay gamit din ng mga taga-San Agustin, Romblon, Romblon, Cajidiocan, San Fernando at Magdiwang. Figure 9. Larawan ni: Figure 10. Larawan ni: 10 Ati Sila ay naninirahan sa bayan ng San Andres, San Jose. Onhan naman ang wikang ginagamit sa pakikipag-ugnayan sa bayan ng Looc, Ferrol at Sta. Fe. | pinakamalaking pangkat ng taong naninirahan sa lalawigan. Anim na bayan ang bumubuo sa lalawigan na may tradisyonal na ritwal sa kanilang mainit na pagtanggap sa mga bisita. Ito ay ang Putong o Tubong. Ang lalawigang ito ay mapagmahal sa kapayapaan. | |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | makikita sa mga lalawigan sa sariling rehiyon? | | | | |
| **E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | Mga Katutubo o Pangkat-Etniko sa Occidental at Oriental Mindoro Ang pangkat-etniko na tanging sa Mindoro lamang matatagpuan ay ang mga Mangyan. Mahiyain silang tao, kayumanggi ang kulay ng balat, itim ang buhok, may maamong mata at katamtamang tangkad. Ang mga Mangyan ay binubuo ng walong (8) tribo. Magkakaiba ang kanilang mga salita subalit mayroon silang mga pagkakatulad sa maraming bagay. Sila ay pawang mga nakatira sa bulubunduking lugar sa mga lalawigan ng Oriental at Occidental Mindoro. Ang pangunahing ikinabubuhay nila ay ang pagtatanim ng gulay at kamote sa mga kagubatan. Mayroon silang sariling alpabeto na ginagamit sa kanilang pagsusulat. Pag-ukit sa mga kutsilyo, mga lukas, lalagyan ng nganga at ibang mga kagamitan ay kakikitaan ng pagpapanatili ng kanilang nag-iisang | Tau-Buid Kilala na nagnganganga maging sa kanilang batang edad. Matatagpuan sila sa mga bayan ng Socorro, Pinamalayan, at Gloria subalit karamihan sa kanila ay nakatira sa lalawigan ng Occidental Mindoro. Bangon Sila ang naninirahan sa baybayin ng ilog ng Bongabong na tinatawag na Binagawat sa palibot ng bundok na matatagpuan sa mga bayan ng Bongabong, Bansud, at Gloria sa OrientalMindoro. Hanunuo Naninirahan sa bayan ng Bulalacao, Mansalay, at iba pang bahagi ng Bongabong sa Oriental Mindoro at sa munisipalidad ng San Jose sa lalawigan ng Occidental Mindoro. “Surat” ang paraan ng kanilang pagsulat na itinuturo sa lugar ng Mansalay at Bulalacao lalawigan ng Oriental Mindoro. Ratagnon Karamihan sa kanila ay naninirahan sa bayan ng Magsaysay, Occidental Mindoro. May sariling diyalekto ang mga ito. Nagsusuot sila ng mga burloloy na yari sa beads at copper wire. | MgaKatutubo o Pangkat-Etnikosa Palawan Batak Ang mga Batak o mga “Taong Bundok” ay naninirahan sa bahaging hilagang - silangan ng Palawan. Ang mga Batak ay naniniwala sa mga espiritu ng kalikasan kung saan sila ay nakikipag-usap sa pamamagitan ng isang Babaylan.<br>Pala’wan o Palaw’an Matatagpuan ang mga ito sa Quezon, Bugsuk, Brooke’s Point, Sofronio Espańola at Rizal. Sila ay kilala bilang nomadic people o palipat-lipat ng tirahan upang makapagtanim at makahanap ng pagkain. Taaw’t-Bato “Tau’t Bato” Tinaguriang People of the Rock. Matatagpuan sila sa Hilagang Kanluran ng Palawan. Naninirahan sila sa kuweba at ang iba naman ay sa tuktok ng mabatong bundok. Tagbanwa Sila ay makikita sa gitna at sa bahaging timog ng Palawan. Pinaniniwalaang nagmula sila sa Taong Tabon kung kaya’t sila ay pinaniwalaang | Rehiyong MIMAROPA (Iba pang pangkat ng tao) Ang mga Chinese o Tsino at Indian o Bombay ay mga dayuhan na maituturing na ibang pangkat ng tao na naninirahan sa mga lalawigan sa ating rehiyon. Negosyante ang mga ito. Ayon sa sensus na isinagawa noong 2010, kasama ang mga pangkat ng mga Amerikano, Espanyol, Hapones, at iba pa na siyang naninirahan o tuluyan ng naninirahan sa ating rehiyon. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | panitikan, ang ambahan. Ang Alangan, Bangon, Buhid, Hanunuo, Iraya, Ratagnon, Tadyawan at Tao-buid ang mga tribo ng Mangyan dito na may kabuoang bilang na 100,000. | | isa sa mga unang taong nanirahan saPilipinas. | | |
| **F. Paglinang sa Kabihasaan tungo sa Formative Assessment (Independent Practice)** | Gamit ang pahayag o pagpapaliwanag, ayusin ang mga ginulong letra upang matukoy ang tamang salita. Isulat ito sa sagutang papel.<br>1. Ang lalawigan sa rehiyong MIMAROPA na Tagalog ang pinakamalaking pangkat na matatagpuan dito.<br>2. Pangkat- etniko na tanging sa Oriental at Occidental Mindoro lamang matatagpuan.<br>3. Sa lalawigang ito makikita ang mga tribo ng Ati, Bantoanon at Sibuyan Mangyan Taga-bukid.<br>4. Isa ito sa mga katangiang kinagigiliwan sa mga Tagalog.<br>5. Pangkat ng mga tao na nanggaling sa China at ang hilig nila ay magnegosyo. | Punan ang hinihinging detalye sa Fishbone Map. Gawing batayan ang sumusunod sa pagsagot ng hinihinging impormasyon. Gawin ito sa iyong sagutang papel. Ulo ng isda- Rehiyon Tinik sa itaas na bahagi –lalawigan na mayroong pangkat-etniko (pumili ng isa lamang) Tinik sa ibabang bahagi- ang pangkat-etniko na matatagpuan dito (pumili ng isa lamang) Buntot- katangian o pagkakakilanlan sa pangkat-etniko na iyong napili. Magbigay ng hanggang tatlong pagkakakilanlan.<br> | Ibigay ang angkop na pangkat-etniko o pangkat ng tao upang mabuo ang crossword puzzle. Gawing patnubay ang mga sumusunod na pahayag upang matukoy ang tamang kasagutan.<br>Mga salitang pahalang<br>1 Asi ang diyalekto na kanilang ginagamit<br>5. Pinakamalaking pangkat ng taong naninirahan sa lalawigan ng Marinduque<br>Mga salitang pababa<br>1 Sila ang mga “Taong Bundok” na naninirahan sa hilagang-silangan ng Palawan<br>3. Pangkat ng mga Mangyan na “Surat” ang paraan ng kanilang pagsulat<br>5. Pinaniniwalaang nagmula sa Taong-Tabon na makikita sa bahaging timog ng Palawan | Gamit ang mapa ng ating rehiyon, itala ang lahat ng pangkat -etnikong matatagpuan sa bawat lalawigan.<br> | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | |  | | |
| **G. Paglalapat ng Aralin sa pang-araw-araw na buhay** | | Saan ka kabilang na pangkat? Ano ang nakikita mong pagkakaiba o pagkakapareho sa katangian mo at ng ibang pangkat ng tao sa sariling rehiyon? Itala sa Venn Diagram ang hinihinging pahayag.<br><br> | | | |
| **H. Paglalahat ng Aralin Generalization** | | | | Ang (1)_____ay may natatanging wika, kultura, tradisyon, at uri ng pamumuhay na sama-samang naninirahan sa isang lugar. May kilalang pangkat-etniko ang bawat lalawigan. (2)____ ang tawag sa Mindoro na binubuo ng walong tribo.(3)_______naman ang pinakamalaking pangkat ng tao sa Marinduque. Matatagpuan naman sa Palawan ang pangkat ng (4) ,(5 , | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | (6)________,(7)___. Ang lalawigan ng Romblon ay kakikitaan ng mga grupo o pangkat-etniko na (8)______, (9)________, (10)______. (11)______ ang wikang gamit ng pinakamalaking bahagi ng mga mamamayan sa Rehiyong MIMAROPA. Ang MIMAROPA ay punong-puno ng mayayamang kasaysayan na dapat ipagmalaki at ingatan. | |
| **I. Pagtataya ng Aralin Evaluation/Assessment** | | | | Basahin at unawain ang mga pahayag sa bawat bilang. Piliin ang letra ng tamang sagot.<br>1. Ang lahat ay katangian ng mga Tagalog MALIBAN sa________.<br>A. mayabang<br>B. matulungin<br>C.masayahin<br>D. masipag<br>2. Alin sa sumusunod ang tawag sa mga katutubong naninirahan sa Mindoro?<br>A. Mangyan<br>B. Aeta<br>C.Negrito<br>D. Dumagat<br>3. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagpapakita ng dahilan kung bakit nakaaangat ang mga Tagalog sa antas ng kalinangan?<br>A. Ang mga Tagalog ay halos nag-aaral sa ibang bansa.<br>B. Ang mga Tagalog ay may malalaking paaralan at maraming tao. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | C. Ang mga Tagalog ay halos nasa kabihasnan at komersyo.<br>D. Ang mga Tagalog ay natural na mahusay simula pa noong kapanganakan.<br>4. Ang sumusunod ay maaaring gawin ng ating pamahalaan upang mapaunlad ang edukasyon at pamumuhay ng mga pangkat-etniko sa rehiyon MALIBAN sa __________.<br>A. Bigyan sila ng maraming pana at sibat gamit sa pangangaso.<br>B. Magtayo sa lugar nila ng mga paaralan at turuan ang mga bata.<br>C. Turuan ang mga kalalakihan ng paraan ng pagsasaka at ibang paraan ng pamumuhay.<br>D. Turuan ang mga kababaihan tungkol sa tamang pag-aalaga sa kanilang pamilya.<br>5. Ano ang maaari mong magawa bilang mag-aaral upang maipagmalaki ang ating sariling pangkat-etniko? I Mag-aral nang maigi para sa sariling kinabukasan. II Sabihin sa ibang pangkat-etniko na mas magaling ka. III Makilahok sa mga gawaing nagpapaunlad ng pamayanan. IV Pumunta sa ibang pangkat-etniko at doon manirahan.<br>A. I at II<br>B. III at IV<br>C. II at IV<br>D. I at III | |
| **J. Karagdagang gawain para sa** | | | | Gamit ang concept map. Magtala ng isang kilala mong pangkat-etniko na | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **takdang-aralin at *remediation*** | | | | makikita sa iyong lalawigan at isulat ang mga katangian nito.   | |
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. Pagninilay** | | | | | |
| **A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation*** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin** | | | | | |
| **D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation.*** | | | | | |
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong** | Inquiry Based instruction, thought provoking questions inspire the learners to thinks for themselves and become more independent. | | | | Formative Assessment, to accommodate the needs of the learners. |

| | | |
|---|---|---|
| **ng lubos? Paano ito nakatulong?** | | |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?** | Wala | Wala |
| **G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | Wala | Wala |

Prepared by: **ARIAN P. DE GUZMAN**
*Grade 3 Adviser*

Checked by:
*Master Teacher I*

Noted:
*School Head/Head Teacher III*